# ANG MGA PAGKAKAIBA NG TE TIRITI O WAITANGI SA WIKANG MAORI AT ANG DOKUMENTONG INGLES

**Ipinapakita ng pahinang ito ang mga pangunahing punto sa bawat dokumento**

| | TE TIRITI O WAITANGI | ANG DOKUMENTONG INGLES |
|---|---|---|
| **ARTIKULO 1** | Ibinibigay ng mga pinunong Maori sa Reyna ng Inglatera ang karapatan magpakailanman na magkaroon ng Gobernador sa kanilang mga lupain. | Ibinibigay ng mga pinunong Maori sa Reyna ang dakilang kapangyarihan sa buong New Zealand. |
| **ARTIKULO 2** | Sumasang-ayon ang Reyna na panatilihin ng Maori ang kanilang kalayaan at dakilang kapangyarihan sa kanilang mga lupain at sa lahat ng bagay na mahalaga sa kanila. Pinahihintulutan ng mga pinunong Maori ang Reyna na magkaroon ng mga piraso ng lupa sa napagkasunduang halaga, kung ang may-ari ay gustong mag-alok nito. | Nagbibigay garantiya ang Reyna sa lahat ng Maori ang karapatan sa lupa, kagubatan, at pangingisda. Kung ang Maori ay gustong magbenta ng lupa, ibibenta lamang nila ito sa Reyna. |
| **ARTIKULO 3** | Aalagaan ng Reyna ang mga Maori at inaalok sa kanila ang mga karapatan na katulad ng mga tao ng Inglatera. | Poprotektahan ng Reyna ang mga Maori at inaalok sa kanila ang mga karapatan na katulad ng mga sakop ng Britanya. |
| **ARTIKULO 4 (BINITAWANG PANGAKO)** | Ipinapangako ng Gobernador na poprotektahan nito ang mga kaugalian at ang lahat na pananampalataya sa New Zealand. | Walang ika-apat na artikulo sa dokumentong Ingles. |

## ALIN BA TALAGA ANG KASUNDUAN?

| TE TIRITI O WAITANGI | ANG DOKUMENTONG INGLES |
|---|---|
| Nilagdaan ng higit sa 500 na mga pinunong Maori at ng Gobernador ng Britanya sa ngalan ng Reyna. | Nilagdaan ng 39 na mga pinunong Maori. |
| Ito ang kasunduan na tinaguyod ng Batas Pandaigdig.<br>Nagbibigay ang Batas Pandaigdig ng karapatan sa pangunguna sa tekstong Maori batay sa alituntunin ng *contra proferentem.* Ayon dito kapag ang kasunduan ay hindi malinaw, ang kontrata ay bibigyan kahulugan sa pabor ng kabilang partida, na binigyan ng alok. | Ito ang kasunduan na ayon sa kagustuhan ng Britanya.<br>Sa salaysay na ito ibinatay ng Pamahalaan ng New Zealand ang kanyang kapangyarihan. |
| Kinikilala ng kasunduang ito ang dakilang kapangyarihan ng Maori sa Aotearoa o New Zealand. | Ang kasunduan na ito ay nagsasabing nagbibigay ang Maori ng dakilang kapangyarihan sa Reyna. |